# Balitang Manmin

BILANG 134 HUNYO 28, 2015




## Ipinagdiriwang ang Ika-28 Anibersaryo ng *Balitang Manmin!* May Salin na ito sa 32 Wika

Ibinabahagi ng *Balitang Manmin* ang tungkol sa kapangyarihan ng Diyos na Manlilikha, ebanghelyo ni Jesu-Cristo, at ang pagkilos ng Banal na Espiritu sa buong mundo. Ipinagdiriwang sa taong ito ang ika-28 anibersaryo ng paglathala ng kauna-unahang isyu nito. Noong Mayo 17, 1987, inilathala ang unang isyu, may titulo itong 'Manmin Joong-ang News'. Inilathala ito bawat buwan. Noong Oktubre 1991, nagsimula itong ilathala tuwing dalawang linggo. Noong Enero 1991, inilathala ang unang edisyon sa wikang Ingles, sinundan ito ng iba pang isyu na nasa iba pang wika.

Noong Oktubre 11, 2009, ika-27 anibersaryo ng iglesya, nagsimula ito tawaging *Balitang Manmin* ng ilabas ang ika-400 edisyon ng wikang Koreano. Inilathala ito bawat linggo. Noong Nobyembre 2012, nagsimula ang paglathala sa internet (www.manminnews.com). Sa kasalukuyan isinasalin ito sa 31 wika: Ingles, pinadaling Chinese, tradisyunal na Chinese, Kastila, Ruso, Tagalog, Frances, Tamil, Indonesian, Hindi, Portuguese, Mongolian, Japanese, Thai, Cebuano, Arabic, Estonian, Hebreo, Ukranian, Vietnamese, Urdu, Dutch, Bulgarian, Finnish, Danish, Swedish, Burmese, Nepali, German, Italiano, at Sinhalese. Mababasa ito sa lahat ng sulok ng mundo sa pamamagitan ng internet.

Magpapatuloy ang *Balitang Manmin* sa pagbabahagi ng mga balitang punung-puno ng pagpapala katulad ng ebanghelyo ng kabanalan at mga balita tungkol sa pagmimisyon para sa kaluwalhatian ng Diyos at kaligtasan ng mga kaluluwa.

### *Mayo 17, 1987: kauna-unahang edisyon, may titulong 'Balitang Manmin'*


만민중앙소식

Sinimulang ilathala ang *Balitang Manmin* para ibahagi ang tungkol sa kapangyarihan ng buhay na Diyos. Sa pahina 1 ng unang edisyon nito, mababasa ang balita tungkol sa iglesya na may titulong "The Second Revival Meeting Full of the Word and Grace" (Ang Pangalawang Pulong para sa Pagpapasigla na Puno ng Salita ng Diyos at Pagpapala). Ibinalita dito na ang pagpupulong ay dinaluhan ng higit pa sa 4,000 tao, marami sa kanila ang gumaling mula sa karamdaman dahil sa panalangin ni Dr. Jaerock Lee. Ibinalita din ang tungkol sa unang paglathala ng libro niyang *Tasting Eternal Life before Death.*

### *Umaapaw ang mga patotoo ng mga mananampalataya*


"Sound of blessing is heard from every side"

Magmula ng magbukas ang iglesya, hindi mabilang na mga tao na ang gumaling mula sa kanilang karamdaman, tumanggap ng kasagutan sa kanilang mga problema, at nagkaroon ng tunay na kasiyahan dahil sa mga mensahe at pananalangin ni Dr. Lee. Ang mga patotoo nila ay makahulugan at mahalagang bahagi ito ng *Balitang Manmin*. Ang mga mananampalataya, bilang mahahalagang manggagawa ay lumago sa pananampalataya dahil naranasan nila ang mga tanda, himala, at mga makapangyarihang pagkilos.

### *Pakikibahagi sa mga gawaing pang-Cristiano ng mga Koreano, mga espesyal na pulong sa pagpapasigla, at mga krusada sa ibang bansa*


The Power of God Shakes Jerusalem!

Ibinalita dito ang pakikibahagi ng iglesya sa mga gawaing pang-Cristiano katulad ng krusada noong taong 1992 tungkol sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa buong mundo at ang masaya at mapayapang krusada ng pagkakaisa sa ika-50 anibersaryo ng kalayaan. Naibalita din sa buong mundo ang tungkol sa dalawang linggong magkasunod na espesyal na pulong para sa muling pagsigla sa mga krusada ni Dr. Lee sa Uganda, Pakistan, India, Estados Unidos, at Israel.

### *Mga gawain ng iglesya sa buong mundo at mga panayam sa mga bisitang dayuhan*


Manmin News

"The Church Filled with Eagerness for God!"

Ibinabalita ng *Balitang Manmin* ang tungkol sa mga gawain at pagmimisyon ng iglesya sa buong mundo tulad ng retreat sa tag-init; aktibong pagmiministeryo sa buong mundo; ministeryo ng pagbobrodkast; at mga diyaryo at libro. Nagpahayag din ng mga patotoo sa pamamagitan ng panayam sa *Balitang Manmin* ang mga taong bumibisita sa iglesya. Bukod dito, ibinabalita ng diyaryo ang mga ministeryo ng Manmin at mga seminar para sa mga pastor at mga pulong na may pagpapagaling gamit ang panyo.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Tumawid sa Tuyong Lupa ng Jordan Ang mga Israelita

"Ang mga pari na nagdadala ng kaban ng tipan ng PANGINOON ay panatag na tumayo sa tuyong lupa sa gitna ng Jordan, samantalang ang buong Israel ay dumaan sa tuyong lupa hanggang sa nakatawid sa Jordan ang buong bansa." (Joshua 3:17)

•••

Sinimulan ng pangalawang henerasyon ng Exodo, na pinamumunuan ni Josue, ang pagsulong patungo sa Lupain ng Canaan. Kailangan nilang sakupin ang lunsod ng Jerico para makapasok sa Lupain ng Canaan. Hinarangan sila ng umaagos na tubig ng Ilog ng Jordan patungo dito.

Matatag sa kanilang pananampalataya ang pangalawang henerasyon ng Exodo, hindi sila katulad ng unang henerasyon. Pag-aralan natin kung paano sila pinatnubayan ng Diyos sa pagtawid nila sa Ilog ng Jordan para sakupin ang Jerico.

## 1. Pinatuntong ng Diyos ang mga paring nagdadala ng Kaban ng Tipan sa Ilog ng Jordan

Dapat silang humanap ng paraan ng pagtawid sa ilog dahil malakas ang agos nito ng mga panahong iyon. Imposibleng makatawid dito ang mahigit sa dalawang milyong tao kasama ang mga bata, matatanda, at mga bagahe kapag mataas at umaagos ang tubig.

Gayon pa man, tinuruan sila ng Diyos ng napakasimpleng paraan para makatawid. Sinabi Niya sa mga pari na tumuntong sa umaagos na Ilog ng Jordan dala-dala ang Kaban ng Tipan. Hihinto ang pag-agos ng tubig at ito ay tatayo na isang bunton.

Parang imposibleng mangyari ito. Paano titigil ang agos ng tubig kung tutuntungan lang ito? Gayon pa man, ni hindi nagreklamo o nag-alinlangan ang pangalawang henerasyon. Sa sandaling tumuntong ang mga pari sa umaagos na ilog, natupad ang pangako kung paano ito sinabi. Ang tubig na dumadaloy pababa mula sa itaas ay huminto at tumayo na isang bunton.

Mabilis na tumawid ang mga Israelita sa tuyong lupa. Dahil nasaksihan ng mga Israelita ang dakilang kapangyarihan ng Diyos, mas pinagtiwalaan pa nila si Josue. Iginalang nila ito tulad ng paggalang nila kay Moises (Josue 4:14).

Gusto ng Diyos na maalaala nila ang araw na iyon magpakailanman para hindi sila magbago ng paggalang sa Kanya. May iniutos Siyang isang bagay sa kanila. Pinakuha Niya sila ng labindalawang bato mula sa kalagitnaan ng Jordan, isinalansan ito ni Josue sa kanilang kampo. Ito ay para igalang at sundin ang Diyos (Josue 4:19-24).

## 2. Iniutos ng Diyos na tuliin ng mga Israelita ang kanilang sarili bago marating ang Jerico

### 1) Tinuli nila ang sarili nang may pananampalataya

Pagkatawid nila sa Ilog ng Jordan, masayang-masaya sila, inisip nilang masasakop nila agad ang lunsod ng Jerico.

Pero hindi niloob ng Diyos na lusubin nila agad ang Jerico. May ipinagawa muna Siyang isang bagay sa kanila. Bago isagawa ang mahalaga at malaking paglusob, hindi sinabi ng Diyos na ihanda ang mga armas at mga kawal. Sa halip, iniutos Niyang tuliin nila ang sarili.

Sa Genesis 17, ipinangako ng Diyos kay Abraham ang Lupain ng Canaan. Ayon sa pangakong ito, iniutos Niya na tuliin ang mga kalalakihan. Ito ay simbulo ng tipan na ang bansang Israel ay mga mamamayan ng Diyos.

Pagkatapos ng Exodo, ang mga lalaking ipinanganak sa desyerto ay hindi tinuli. Kaya bago nila tuluyang sakupin ang Canaan, iniutos ng Diyos na muling tuliin ang kalalakihan bilang muling pagpapatunay ng Kanyang pangako.

Kapag natuli na sila, kailangan nilang magpahinga muna hanggang sa gumaling. Kung hindi sila magpapagaling, matatalo sila sa labanan. Kung iisipin natin, pwede silang magreklamo at sumuway. Pero dahil may pananampalataya ang pangalawang henerasyon ng Exodo, wala silang sinabi, sumunod lang sila. Iningatan sila ng Diyos hanggang sa lubos na gumaling ang sugat nila, hindi sila nilapitan ng mga kalaban nila.

### 2) Ang dahilan kung bakit iniutos ng Diyos na magpatuli sila habang nasa mapanganib na situwasyon

Ang dahilan kung bakit ginawa ito ng Diyos ay para turuan, hindi lang ang mga Israelita noong panahong iyon, kundi ang lahat ng tao, tayo, kung paano mananalo sa espirituwal na labanan. Kung titingnan, ang proseso ng pagsakop ng Lupain ng Canaan ay labanan ng dalawang magkaibang lahi. Pero sa espirituwal na kaharian, ito ay isang matinding espirituwal na labanan sa pagitan ng mabubuting espiritu na nasa panig ng Diyos at masasamang espiritu na nagsisikap na magdulot ng kahihiyan sa Diyos.

Mababasa sa Efeso 6:12, "Sapagkat ang ating pakikipaglaban ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pinuno, laban sa mga may kapangyarihan, laban sa mga kapangyarihang di nakikita na naghahari sa sanlibutan sa kadilimang ito, laban sa hukbong espirituwal ng kasamaan sa kalangitan."

Sa 1 Samuel 17, tinalo ng batang si David ang higanteng mandirigmang si Goliat. Nanalo si David dahil siya ay umiibig sa Diyos. Dahil panalo na siya sa espirituwal na labanan, natalo niya si Goliat sa pamamagitan ng tirador at bato.

At sa labanan sa pagitan ng Israel at Amalek pagkatapos ng Exodo, nang itaas ni Moises ang mga kamay niya, nanalo ang Israel, at nag ibaba niya ito, nanalo ang Amalek (Exodo 17:11). Nang itaas ng lingkod ng Diyos na si Moises ang mga kamay niya at nanalangin, tinulungan sila ng Diyos sa labanan para magtagumpay.

Ang laban ni Josue at ng mga anak ni Israel sa Jerico ay espirituwal din, nasa ilalim ito ng kapangyarihan ng Diyos. May isang bagay na kinakailangan para magtagumpay sa ganitong klaseng espirituwal na labanan. Ito ay malinis ng puso. Ito ang dahilan kung bakit iniutos ng Diyos na magpatuli sila bago sila lumaban sa lunsod ng Jerico. Kung mananalo tayo sa espirituwal na labanan, mananalo rin tayo sa pisikal na labanan.

### 3) Ang espirituwal na kahulugan ng pagpapatuli: pagpapabanal ng puso

Sa pisikal na pagtuli, tinatanggal ang maruming balat na bumabalot sa dulo ng ari ng mga lalaki sa ika-8 araw pagkapanganak. Pero ang espirituwal na kahulugan nito ay pagpapabanal ng puso. Iniutos sa Jeremias 4:4, "Tuliin ninyo ang inyong mga sarili para sa PANGINOON, at inyong alisin ang maruming balat ng inyong puso."

Noong panahon ng Lumang Tipan, sinisimbulo ng pagpapatuli na nasa panig sila ng Diyos. Hindi pa ito panahon ng Banal na Espiritu kaya hindi pa magawa ng taong magwaksi ng kasalanan sa pamamagitan ng sariling lakas. Ang tunay na nais ng Diyos ay pagpapabanal natin. Sa panahon ng Bagong Tipan, maaaring linisin ng mga may pananampalataya ang puso nila sa tulong ng Banal na Espiritu.

Kahit makinig tayo ng Salita ng Diyos, hangga't hindi natin nililinis ang puso natin, ang pananampalataya natin ay mananatiling kaalaman lang, makalaman. Pero kung magpapakabanal tayo, magkakaroon tayo ng espirituwal na pananampalataya. Kaya, pakinggan natin ang Salita ng Diyos, isabuhay ito, at iwaksi ang mga kasalanan at kasamaan para mapadalisay ang sarili. Pagtanggal ito ng dumi sa puso.

Bago ipinakita ng Diyos ang kapangyarihan Niya sa pagpapahinto ng daloy ng Ilog ng Jordan, sinabi niya sa mga mamamayan, "Magpakabanal kayo; sapagkat bukas ay gagawa ng mga kababalaghan ang PANGINOON sa inyo" (Josue 3:5). Bago maganap ang labanan sa Jerico, sinabi ng pinuno ng hukbo ng PANGINOON kay Josue na hubarin ang sandalyas niya (Josue 5:15), pareho sa naunang binanggit ang dahilan nito, para espiriuwal na tanggalin ang karumihan na dulot ng kasalanan at magpakabanal.

Bago ibigay sa kanila ng Diyos ang Lupain ng Canaan bilang pagtupad ng pangako Niya, iniutos Niyang tuliin muna ang kanilang mga sarili. Ito ay para iwaksi nila ang mga kasalanan at magpabanal muli.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, ang Diyos na pumigil sa pagdaloy ng Ilog ng Jordan ay nagpapakita pa rin ng kapangyarihan Niya. Lampas ito sa kayang gawin ng tao, pero magagawa ito ng mga lingkod Niya na sumusunod sa kalooban Niya.

Umaasa ako na magkaroon nawa kayo ng tapat na puso at perpektong pananampalataya para tanggapin ninyo ang Banal na Espiritu at ang Kanyang kapangyarihan para gawin ang gawain ng Panginoon. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na matupad nawa ang kalooban ng Diyos para sa katapusan ng panahon ayon sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa pamamagian ng inyong pananampalataya at matuwid na gawa. Nawa ay magningning sa buong mundo ang kaluwalhatian ng Diyos.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin



## "Gumaling ang mga Karamdaman Ko Habang Nagpapamigay Ako ng *Balitang Manmin*"

Diakono Pilkyung Jeong,
67 taong gulang, Parokya 31,
South Korea

Binigyan ako ng mabuting kalusugan at pinalakas ang pananampalataya ko ng *Balitang Manmin*. Pumupunta ako sa mga bahay at tindahan para magpamigay ng 500-600 kopya bawat linggo. Pinapabuti nito ang pakiramdam ko. Mayroon dahilan kung bakit ginagawa ko ito.

Inuusig ko dati ang anak kong si Diakonesa Songyi Cheong dahil sa pagsisimba niya. Nasisiyahan ako sa mga makamundong bagay, mahilig akong uminom ng alak. Pero noong Oktubre 2007, dumalo ako sa Manmin Central Church, matagal na itong ipinapanalangin ng anak ko. Nasaksihan ko ang kapangyarihan ng Diyos bawat linggo. Wala akong magawa kundi tanggapin ang buhay na Diyos. Gusto kong bayaran ang mga pagpapala ng Diyos sa pamamagitan ng pagsisisi at paglilingkod, hindi lang sa mga salita.

Ito ang dahilan kung bakit sinimulan ko ang pamimigay ng *Balitang Manmin*. Hindi nagtagal, may kamanghamanghang pangyayari sa buhay ko. Gumaling ako mula sa diabetes, 30 taon kong pinagdusahan ito. Bumuti at lumakas din ang pakiramdam ng kaliwang pulso ko na napinsala noon. Nagagamit ko na ito ngayon. Hallelujah!

Tumutulong ang asawa ko sa pamimigay ng *Balitang Manmin*. Naranasan din niya ang pagpapagaling ng Diyos. May takot at pagaalala siya dati, ni hindi niya magawang mag-elevator kapag nag-iisa siya. Pero ngayon nawala na ang takot at pag-aalala niya. Naging malinaw ang paningin niya at gumaling siya mula sa pollakiuria (madalas na pag-ihi) na tiniis niya sa loob ng 30 taon.

Nagpapasalamat ako sa Diyos na nagpagaling sa amin at biniyayaan kami ng pagmamahal.

## "Pinagmumulan ang *Balitang Manmin* ng Kagalakan Ko, Inilalapit Ako Nito sa Diyos"

Punong Diakonesa Sunghee Kwon,
60 taong gulang,
Manmin Mission Center,
California, Estados Unidos



Gumawa ako ng scrapbook tungkol sa *Balitang Manmin*. Mahirap makakuha ng edisyong Koreano ng *Balitang Manmin* sa America. Nagda-down load ako ng bagong edisyon mula sa website ng Manmin Central Church (www.manmin.org) tuwing Biyernes o Linggo. Nagpapalakas sa akin ang mensaheng nababasa ko dito.

Pinalalago ang espiritu ko ng mga mensahe ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, pati ng mga tampok na kwento, artikulo, at mga patotoo mula sa buong mundo. Dahil may trabaho ako sa umaga, wala akong gaanong oras para magbasa at mag-aral ng Salita ng Diyos. Kaya, nagda-down load ako ng *Balitang Manmin*, inilalagay ko ito sa isang folder, at binabasa sa tuwing may pagkakataon ako.

Isang gabi, nanaginip ako. Nananalangin ako sa panaginip ko. Nakarinig ako ng tinig na nagsasabing, "Mabuting ipunin ang *Balitang Manmin*, pero mas makakabuti kung isasabuhay mo ang mga natututuhan mo sa pagbabasa nito." Nagising ako, malaking bagay ang natutuhan. Magmula noon, hindi nanatiling dagdag kaalaman lang ang mga mensaheng binabasa ko, isinasabuhay ko na ito.



## "Tinawag na 'Running Gospel Car' ang Taxi Ko"

Jiang Fu Sheng,
55 taong gulang,
Taiwan Manmin Church

Noong Enero 2008, nagkaroon ako ng cellulitis sa kanang binti ko. Pero habang nasa pang-Linggong pagsamba ako sa GCN TV, tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee, gumaling ako. Magmula noon, habang nagmamaneho ako ng taxi, ibinabahagi ko ang ebanghelyo ng kabanalan.

Ang taxi ko ay isang 'gospel car'. Gusto kong magpatotoo tungkol sa buhay na Diyos. Dinidikitan ko ng *Balitang Manmin* at mga patotoo ang loob at labas ng sasakyan para mabasa ng mga tao. Kapag Amerikano ang sumakay sa taxi ko, binibigyan ko sila ng edisyon sa wikang Ingles ng *Balitang Manmin*; kapag Koreano, edisyong Koreano naman; at sa mga Hapon, edisyon sa wikang Hapon. Natutuwa at namamangha sila.

Nagpapasalamat ako dahil inilalathala ang *Balitang Manmin* sa maraming wika. May libro rin si Dr. Lee sa sasakyan ko, ibinabahagi ko ang ebanghelyo ng kabanalan sa mga pasahero ko. Noong nakaraang taon, may sumakay na isang babae, ikinuwento ko sa kanya ang tungkol sa kapangyarihan ng Diyos na ipinapakita ni Dr. Lee. Interesado siya. Hindi nagtagal, nagsimba siya sa iglesya namin, sumama siya sa pag-aaral ng Biblia. Pagkatapos niyang marinig ang pagtuturo tungkol sa Genesis, nagpasalamat siya dahil natutuhan niya ang malalim na mensaheng espirituwal ng Diyos.

Nais kong mas maraming kaluluwa ang maligtas dahil sa *Balitang Manmin*. May mabuting balitang mababasa dito, ibinabahagi ko ito ng may kagalakan sa lahat ng panahon. Hellelujah!

## "Gumaling Ako Mula sa Malalang Pag-aalala, Depresyon, at Nawala ang Tunog na Nakakabingi sa mga Tainga Ko"

Diakono Dongho Kang,
41 taong gulang,
Parokya 10, South Korea



Matindi ang tensyon at pagod ko magmula nang magtrabaho ako sa isang malaking kumpanya. Nagkaroon ako ng matinding pag-aalala, malalang depresyon at pagkabingi dahil sa matining na tunog sa mga tainga ko. Isang araw, may nakita akong kopya ng *Balitang Manmin* na naka-ipit sa pintuan ng kapit-bahay ko. Kinuha ko ito at binasa. Maraming pagpapagaling na nakita dahil sa Muan Sweet Water. Namangha ako, tinawagan ko ang numero ng telepono ng iglesya na nakasulat dito para itanong kung paano ako makakarating doon. Magmula noon, dumadalo na ako sa Manmin Central Church.

Tinutulungan ako ng iglesya na mamuhay ng tamang buhay bilang isang Cristiano. Nadadama ko ang pag-ibig ng Diyos. Naging malusog ako at nawala ang problema ko sa trabaho. Nagtatrabaho ako ngayon bilang consultant (kasangguni) para sa Ernst & Young Global Limited, isang kumpanyang pandaigdigan na nagbibigay ng serbisyong propesyunal. Nasa U.K. ang opisina nito. Kabilang ito sa apat na mga kumpanya ng pag-audit na tinatawag na "Big Four." Nagpapasalamat ako sa *Balitang Manmin* na gumagabay sa akin para malutas ko ang mga problema ko sa karamdaman at mga alalahanin tungkol sa trabaho.

# “Nalaman Ko ang Paraan para Tumanggap ng mga Biyaya sa Tulong ng *Balitang Manmin*”

Ang *Balitang Manmin* ay diyaryo na mayroong salita ng buhay at kapangyrihan ng Diyos. Maraming tao ang gumaling at tumanggap ng mga kasagutan at mga biyaya sa pagbabasa nila nito. Narito ang ilang patotoo. Luwalhatiin natin ang Diyos ng pag-ibig na kumilos sa pamamagitan ng Banal na Espiritu para sa kanila.



## “Nawala ang Pananamlay Ko at Tumatamasa ng Kalusugan at mga Biyaya ang Pamilya Ko”

Punong Diakonesa Youngnim Oh,
54 taong gulang,
Gwangju Manmin Church, South Korea

Noong Pebrero 1992, ipinanganak ko ang aking panganay. Hindi nagtagal, nanghina ang katawan ko, tumagal ito sa loob ng pitong taon. At mas malala pa, nagkaroon kami ng malaking pagkakautang. Pumasok sa isang kasunduan ang asawa ko at hindi ito kumita. Ni hindi mapunuan ng sweldo niya ang interes nito.

Noong Abril 1999, may nakita akong kopya ng *Balitang Manmin* sa harapan ng bahay ko. Nakita ko ang balita tungkol sa espesyal na pulong para sa pagpapasigla ng espiritu na idadaos ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ng Manmin Central Church. Noong Mayo, dumalo ako sa pulong, lubos ang paggaling ko sa pananamlay ng buong katawan ko.

Madalas magkasakit ang mga anak ko. Pero magmula noong makilala ko ang buhay na Diyos at magsimula silang magsulong ng buhay bilang mga Cristiano, hindi na nila kinailangang magpagamot. Naging mahinahon at tapat din ang asawa ko. Noong Enero 2015, ginawa siyang pinuno ng departamento niya sa Korea Rural Community Corporation.

## “Dahil sa Makapangyarihang Ministeryo, Nakita Ko Kung Paano Magiging Tapat na Pastor”

Pastor Shinhyun Mun,
62 taong gulang,
Pangalawang Pastor ng Parokya 15,
South Korea

Noong taong 2004, naglingkod ako bilang pastor ng isang iglesya sa Daejon. Pag-uwi ko galing sa pagbisita ng mga miyembro ng iglesya, may nakita akong kopya ng *Balitang Manmin* sa pintuan ng apartment ko. Sa pahina tungkol sa mga patotoo, nabasa ko ang tungkol sa paggaling ng mga tao mula sa mga karamdamang hindi gumagaling sa pamamagitan ng panalangin. Namangha ako! Tiningnan ko ang website ng Manmin Central Church (www.manmin.org), tumanggap ako ng maraming pagpapala. Habang pinapakinggan ko ang pagtuturo ni Dr. Lee tungkol sa Genesis, nabighani ako sa espirituwal na mensahe na nagpapahayag tungkol sa Paglikha.

Pagkatapos, bumisita ako sa iglesya, bumili ako ng mga librong *Ang Mensahe ng Krus*, *Heaven*, at *Hell*. Bumili din ako ng mga sermon na naka-record. Ang “The Levels of Faith”, “The World of Evil Spirits”, at “God Measures Our Faith.” Masigasig kong pinag-aralan ang mga ito. Tumanggap ako ng malaking pagpapala mula sa mga mensahe at napawi ang uhaw ko sa mga bagay na espirituwal.

Sa bandang huli, dumalo ako sa iglesya at masaya ako sa paglilingkod bilang isa sa mga katuwang na pastor. Minamahal ko ang *Balitang Manmin*, naging daan ito para makilala ko ang tunay na pastol.






## “Dahil sa mga Ebidensyang Hindi Pwedeng Ikaila, Nakilala ko ang Buhay na Diyos”

Diakonesa Chie Hara,
52 taong gulang,
Iida Manmin Church, Japan

Binigyan ako ng kopya ng *Balitang Manmin* nang magpunta ako sa Iida Manmin Church sa unang pagkakataon. Napansin ko ang isang patotoo na nakalathala doon. Patotoo ito ni Diakonesa Kumakai Sonoko. Mayroon siyang kanser sa obaryo na kumalat na sa kanyang tiyan. Para sa kanya, wala nang magagawa ang operasyon. Ang gusto niya ay sumailalim na lang sa pagtanggap ng gamot laban sa kanser. Lumapit siya kay Dr. Jaerock Lee na may dalang kaloob tulad ng ginawa ni Naaman na nakasulat sa Biblia. Pagkatapos niyang tanggapin ang panalangin nito, lubos siyang gumaling.

Sa totoo lang, may pag-aalinlangan ako sa mga ganitong pangyayari. Pero nawala ito nang makilala ko mismo ang taong nagpatotoo. Pinakinggan ko ang kwento tungkol sa karanasan niya. Tumanggap ako ng malaking pagpapala. Narinig ko na ang tungkol sa mga pagpapagaling sa pamamagitan ni Dr. Lee, pero nang makilala ko ang taong pinagaling, na taga-Japan tulad ko, nagkaroon ako ng pananampalataya.

Dahil sa *Balitang Manmin*, nagkaroon ako ng malaking pagkatanto tungkol sa Diyos. Nagdesisyon ako na isabuhay ang Salita Niya.

## “Palagi Akong Mapayapa at Masaya, Salamat sa ‘Mga Kasagutan at mga Biyaya’”

Diakonesa Kyungsuk Chung,
59 taong gulang,
Probinsya ng Gangwon,
South Korea

Tumatanggap kaming mag-asawa ng *Balitang Manmin* bawat linggo dito sa mabundok na lugar ng probinsya ng Kangwon. Kapag dumadating ang kopya nito sa amin, naaalala namin ang mga anak namin na mga lalaki at babae na dumadalo sa Manmin Central Church. Masaya naming binabasa ito. Lalo na ang tungkol sa mga patotoo ng mga taong gumaling mula sa mga karamdaman dahil sa panalangin ni Dr. Lee. Namamangha kami at nagpapasalamat.

Noong Abril 1996, nakapulot ng kopya ng *Balitang Manmin* ang anak kong babae sa kalye. Pagkatapos niyang basahin ito, dumalo siya sa espesyal na pulong ni Dr. Lee para sa pagpapasigla ng espiritu. Gumaling ang sakit niya sa tainga na 20 taon niyang pinagtiisan.

Binasa din namin ang libro tungkol sa mga patotoo ni Dr. Lee na *Tasting Eternal Life before Death*, naluma na nga ito sa kakabasa namin. Hinaplos nito ang mga puso namin. Sa ngayon, binabasa namin ang *Ang Mensahe ng Krus*, at nanonood kami sa GCN. Lumalago ang pananampalataya namin dahil dito. Nagpapasalamat kami sa Diyos at sa Panginoon ng pag-ibig.



## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan,
Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San
Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant),
Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub.
Bayan Luma 7, Imus Cavite,
Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao
Road, Lapu-Lapu City, Cebu,
Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores
Village, Bangkal, Davao City,
Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714